EDR 211, 1st Semester, 2010-2011
Reading in the Content Areas
TMA No. 4 : A CAR Lesson Plan
FIC : Anne Choi

Dionisio E. Bayeng, DLLE
Student No. 2007-81484

Content subject : Pilipinas : Kasaysayan at Pamahalaan
Year Level : Unang Taon Sekondarya
Paksang-Aralin : Pilipinas sa ilalim ng Batas Militar

Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan 1 - Pilipinas : Kasaysayan at Pamahalaan

I. Mga Layunin

Pagkatapos ng aralin, ang mga mga mag-aaral ay inaasahang :

1. Maiisa-isa ang mga pangyayari na nagbigay-daan sa pagtatakda ng Batas Militar sa Pilipinas noong Setyembre 21, 1972 sa pamamagitan ng paggawa ng isang *timeline*.

2. Maisusulat sa isang maikling sanaysay ang kanilang saloobin ukol sa Batas Militar at mapaghahambing ang pagkakaiba ng buhay ng panahon ng Batas Militar at ng kasalukuyang panahon.

3. Makakaguhit ng isang *cartoon*, *caricature* o poster ukol sa Batas Militar at maipahayag ang kanilang damdamin ukol dito.

4. Mapahahalagahan ang mga naging mabuti at di-mabuting naidulot ng Batas Militar at ang mga naging epekto nito sa bansa.

II. Paksa at Kagamitan

A. Paksang-Aralin : Pilipinas sa ilalim ng Batas Militar, *pp. 158-165*
B. Sanggunian : *Pilipinas : Kasaysayan at Pamahalaan*, Vivar et.al., SD Publications Inc, c. 2000
Kwento : '*Si Jhun-Jhun noong bago ideklara ang batas militar*"
Manunulat : Augie Rivera
Ilustrador : Brian Vallesteros
Tagalimbag : Adarna House, 2001
URL ng Kwento : http://goo.gl/0pjIZ

C. Mga Kagamitan : sangguniang aklat, kopya ng kwento - "*Si Jhun-Jhun noong bago ideklara ang batas militar*" ni Augie Rivera, mga larawan at ***audio file*** ukol sa Batas Militar

URL ng audio file
> *http://greatsites4teachers.tumblr.com/post/3460506566/marcos-blabb#/*

III. Pamamaraan

A. Panimulang Gawain

1. Pagbabalitaan
2. Balik-Aral : Dril ukol sa Ikatlong Republika

B. Panlinang na Gawain

B. 1 Bago Magbasa

Pagganyak
Magpaparinig ang guro ng isang ***audio file*** ukol sa deklarasyon ni Ferdinand Marcos ng Batas Militar noong 1972.

Ipapasagot ng guro ang mga sumusunod na tanong : *Ano ang inyong narinig ? Sino ang nagsasalita sa inyong narinig? Ano ang BatasMilitar? Sino ang nagdeklara nito noong 1972? May kalayaan ba ang isang bansang nasa ilalim ng Batas Militar?* Magpapakita din ang guro ng mga larawan ukol Batas Militar at itatambal ito ng mga mag-aaral sa mga salita na nakasulat sa papel.

Mga larawan	Mga salita
- Ferdinand Marcos	- Pangulo
- Proclamation 1081	- Batas Militar
- komunista	- pula
- Mendiola	- protesta

Mga Larawan ukol sa Batas Militar

http://i.imgur.com/wC0FX.jpg
http://trackstar.4teachers.org/trackstar/ts/viewTrack.do?number=422204

B.2 Pagbasa *(Chunking)*

Guro : Sa araw na ito ay pag-uusapan natin ang panahon ng Batas Militar na idineklara ni Pangulong Marcos noong Setyembre 21, 1972. Ngunit bago natin talakayin ang ating paksa sa ating sanggunian-aklat basahin muna natin ang kuwentong - "Si Jhun-Jhun noong bago ideklara ang batas militar" - ni Augie Rivera. Alamin natin ang kuwento ni Jhun-Jhun at ng kanyang Kuya Jaime.
{ Buod ng kuwento : Ito ay ukol sa kuwento ni Jhun-Jhun at ng kanyang Kuya Jaime na sumali sa mga kilos-protesta ng mga manggagawa laban sa gobyerno nong bago ideklara ni Marcos ang Batas Militar noong Setyembre 21, 1972. URL ng kwento mula sa *ICDL website* > http://goo.gl/0pjIZ }

b.2.1 Pagbasa *(Estratehiyang Chunking)*
Kopya ng kuwento na may tanong sa bawat talata
http://embedit.in/TTITUqRJB3

b.2.2 Pagtalakay sa kuwento
a. Sinu-sino ang mga tauhan ng ating kuwento?
b.Ano ang isang bagay na ipinagtaka ni Jhun-Jhun sa kaniyang Kuya Jaime ?
c. Paano nagtapos ang kuwento ?

b.2.3 Pagtalakay sa sangguniang-aklat
a. Ano ang kalagayan ng bansa bago ideklara ang Batas Militar noong 1972?
b. Anong mga pangyayari ang naganap na naging dahilan upang ideklara ang Batas Militar ?
c. Isa-isahin ang mga pagbabago sa panahon ng Batas Militar

B.3 Pagkatapos Magbasa

Guro : Ngayon naman ay gamitin natin ang ating 'Six Thinking Hats' upang mas lalong maunawaan ang ating paksang-aralin.
Pagkatapos basahin ang kuwento at sagguniang-aklat, ang klase ay hahatiin sa anim(6) pangkat at ang mga pangkat ay gagawin ang mga sumusunod :

Unang Pangkat/White Hat : Gumawa ng isang timeline nag nagpapakita ng mga mahahahalagang pangyayari bago at noong panahon ng Batas Militar.

Ika-2 Pangkat/Red Hat : Gumawa ng isang poster, collage, cartoon o caricature na nagpapakita ng inyong damdamin ukol sa Batas Militar

Ika-3 Pangkat/Black Hat : Pagpapakita ng isang 'press conference' ng oposisyon ng kumakalaban kay Marcos at nagpapahayag ng mga **masamang dulot** ng Batas Militar sa bansa.

Ika-4 Pangkat/Yellow Hat : Pagtatanghal ng isang 'mock interview' kay Pangulong Marcos uko; sa mga mabuting dulot ng Batas Militar.

Ika-5 Pangkat/Green Hat : Paggawa ng isang listahan ng mga suliranin ng bansa noong panahon ng bago ideklara ang Batas Militar at paggawa din ng isang 'action plan' upang malunasan ang mga nailistang suliranin.

Ika-6 Pangkat/Blue Hat : Paggawa ng isang buod ukol sa paksang-aralin at pagsagot sa mga tanong : *Isa-isahin ang mga mabuting at masamang naidulot ng panahon ng Batas Militar sa ating bansa. Ano-anu mga naging epekto ng Batas Militar sa mga Filipino at sa ating bansa sa kasalukuyan?*

C. Pangwakas na Gawain

Pagtalakay sa paksang-aralin at pagsagot sa mga tanong.

Paglalahat

Ang panahon ng Batas Militar ay isang mahalagang yugto ng kasaysayan na nakaapekto sa pamumuhay ng maraming Filipino.

Tanong : Anu-ano mga naging mabuting epekto ng Batas Militar sa ating bansa?

Pagpapahalaga

Mahalaga na malaman ang mga aral ng panahon ng Batas Militar upang hindi maulit ang mga masamang naidulot nito sa bansa.

Tanong : Isa-isahin ang mga masamang naidulot ng panahon ng Batas Militar na hindi dapat maulit muli sa ating bansa.

Paglalapat

Mga Tanong : Sang-ayon ba kayo sa isang makatarungan at makatwirang Batas Militar kung kinakailangan ito ng bansa? Sang-ayon ba kayo sa Batas Militar na idineklara ni Marcos noong 1972? Ano ang iyong pananaw ukol sa Batas Militar (Proclamation 1959) na ipinatupad sa Maguindanao matapos ang 'Maguindanao Massacre' noong Nobyembre 23, 2009? Ito ba ay makatuwiran? Bakit? Kung hindi, bakit?

IV. Pagtataya

Ikaw ay nagkaroon ng pagkakataon na makasakay sa isang *'time machine'* at nakarating sa panahon ng Batas Militar. Pumili ng isang karakter sa ibaba at sumulat ng isang maikling sanaysay(100 salita) ukol sa iyong pananaw o saloobin ukol sa Batas Militar. Halimbawa, kung pinili mo na ikaw ay si Ferdinand Marcos, ikaw ay susulat ng isang sanaysay ukol sa iyong mga saloobin, opinyon at pananaw bilang pangulo ng Pilipinas na nagdeklara ng Batas Militar noong 1972. Paghambingin din ang pagkakaiba ng pamumuhay ng panahon ng Batas Militar at ng kasalukuyang panahon.

Image source

a. *reporter* sa isang diyaryo
b. ina ni Jaime at Jhun-Jhun
c. Ferdinand Marcos
d. isang manggagawa
e. miyembro ng oposisyon ng kumakalaban kay Marcos

V. Takdang-Aralin

Gumawa ng isang panayam sa isang tao na nabuhay noong panahon ng Batas Militar at ipasagot ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang mga sagot sa tanong sa iyong kuwaderno.

a. Ano ang inyong naging karanasan ukol sa Batas Militar ni Marcos noong 1972 ?
b. Sa inyong pananaw, anu-ano ang mg mga mabuti at di-mabuting naidulot ng Batas Militar sa ating bansa?
c. Maaari ninyo bang paghambingin ang pagkakaiba ng pamumuhay noong panahon ng Batas Militar at ng kasalukuyang panahon ?

Ang panayam ay maaaring : a) personal, b) email, c) telepono o d) online (***wetoku.com***). Kung personal ang panayam, kung maaari ay i-record ang inyong panayam gamit ang isang audio o video recorder at i-upload ito sa ating ***WallWisher Page***. Ilimita ang panayam ng di lalagpas sa tatlong(3) minuto. Maaari ding magsagawa ng panayam sa pamamagitan ng email o telepono . Isulat ang maikling buod ng inyong panayam sa ating blog site sa KidBlog.org.

Kung online naman ang inyong panayam ay maaaring gamitin ang ***wetoku.com***. Libre ang serbisyo ng website na ito ; kailangan lang mag-sign-up para sa isang libreng account.

KidBlog page ng AP 1 MAKABAYAN Class
http://kidblog.org/AP1KasaysayanngPilipinas/

WallWisher Page ng AP 1 MAKABAYAN Class
http://www.wallwisher.com/wall/makabayanAP1

MGA ONLINE READINGS UKOL SA BATAS MILITAR

{ Ang lahat ng links na narito sa ibaba ay makikita din sa Track #423077 *http://goo.gl/5qzJi* }

PROCLAMATION No. 1081 - September 21, 1972 - PROCLAIMING A STATE OF MARTIAL LAW IN THE PHILIPPINES
http://www.lawphil.net/executive/proc/proc_1081_1972.html
Retrieved on February 23, 2011

Proclamation 1081 and Martial Law
http://countrystudies.us/philippines/28.htm Retrieved on February 23, 2011

Marcos and the Road to Martial Law, 1965-72
http://countrystudies.us/philippines/27.htm **Retrieved on February 23, 2011**

A brief history of Philippine martial law
http://feudart.com/2009/08/01/a-brief-history-of-philippine-martial-law/
Retrieved on February 23, 2011

A History of Journalism in the Philippines : Period of Nationalism and the First Quarter Storm
http://socyberty.com/history/a-history-of-journalism-in-the-philippines-period-of-nationalism-and-first-quarter-storm-7-of-11/ **Retrieved on February 23, 2011**

A History of Journalism in the Philippines : Martial Law Days
http://socyberty.com/history/a-history-of-journalism-in-the-philippines-martial-law-days-8-of-11/ Retrieved on February 23, 2011

THE PHILIPPINES: Marcos' Martial Law, Monday, Oct. 02, 1972
http://www.time.com/time/magazine/article/0,9171,906446-2,00.html
Retrieved on February 23, 2011

The Roots of the Philippines' Economic Troubles
http://www.heritage.org/research/reports/1984/05/the-roots-of-the-philippines-economic-troubles **Retrieved on February 23, 2011**

The Political Economy of the Philippines Under Marcos ; Property Rights in the Philippines from 1965-1986 by Kenji Kushida
http://www.stanford.edu/group/sjeaa/journal3/geasia2.pdf
Retrieved on February 23, 2011

LANGUAGE, SEDITION, AND CENSORSHIP : Personal Notes Towards an Essay by Eric Gamalinda http://www.nyu.edu/gsas/dept/icas/Eric.pdf Retrieved on February 23, 2011

MGA VIDEO UKOL SA BATAS MILITAR

{ Ang lahat ng links na narito sa ibaba ay makikita din sa Track #423078
***http://goo.gl/elDfq* }**

BATAS MILITAR (1/11) Martial Law in the Philippines
http://www.youtube.com/watch?v=l9qpHqzeF8c
Retrieved on February 23, 2011

BATAS MILITAR (2/11) Martial Law in the Philippines
http://www.youtube.com/watch?v=7Nac47nIz5Y&feature=related
Retrieved on February 23, 2011

BATAS MILITAR (3/11) Martial Law in the Philippines
http://www.youtube.com/watch?v=B2znZ6stj74&feature=related
Retrieved on February 23, 2011

BATAS MILITAR (4/11) Martial Law in the Philippines
http://www.youtube.com/watch?v=NYXraW_K2tg&feature=related
Retrieved on February 23, 2011

BATAS MILITAR (5/11) Martial Law in the Philippines
http://www.youtube.com/watch?v=NYXraW_K2tg&feature=related
Retrieved on February 23, 2011

BATAS MILITAR (6/11) Martial Law in the Philippines
http://www.youtube.com/watch?v=59zPM0v1ihA&feature=related
Retrieved on February 23, 2011

BATAS MILITAR (7/11) Martial Law in the Philippines
http://www.youtube.com/watch?v=UlzY7t0f460&feature=related
Retrieved on February 23, 2011

BATAS MILITAR (8/11) Martial Law in the Philippines
http://www.youtube.com/watch?v=-GN8OHufNwI&feature=related
Retrieved on February 23, 2011

BATAS MILITAR (9/11) Martial Law in the Philippines
http://www.youtube.com/watch?v=hX-jjS49esg&feature=related
Retrieved on February 23, 2011

BATAS MILITAR (10/11) Martial Law in the Philippines
http://www.youtube.com/watch?v=Bvfv3c3YRnI&feature=related
Retrieved on February 23, 2011

BATAS MILITAR (11/11) Martial Law in the Philippines
http://www.youtube.com/watch?v=4VsyDC9gTQE&feature=related
Retrieved on February 23, 2011

Proclamation No. 1081 - Reflections on Batas Militar (Martial Law)
http://www.youtube.com/watch?v=feYaXDNadkA
Retrieved on February 23, 2011